

Tungkol sa pagbabakuna kontra COVID-19

Magkakaroon ng mass vaccination laban sa covid-19 sa Prepektura ng Mie gamit ang moderna vaccine.

※Kailangan munang magpareserba bago magpabakuna.

Petsa at lugar para sa pagbabakuna

① Tsu Boat race (Tsucky Dome) Address : Tsu-shi Fujikata 637 Bakuna kada araw: Hanggang 700 katao ※Maglalagay ng interpreter sa wikang Portuguese at Spanish		② Yokkaichi Sougou Taikukan Address:Yokkaichi-shi Hinagahigashi 1 choume 3-21 Bakuna kada araw: Hanggang 1,000 katao ※Maglalagay ng interpreter sa wikang Portuguese at Spanish	
First dose	Second dose	First dose	Second dose
Sept. 25 (Sabado)	Oct. 23 (Sabado)	Sept. 25 (Sabado)	Oct. 23 (Sabado)
Sept. 26 (Linggo)	Oct. 24 (Linggo)	Sept. 26 (Linggo)	Oct. 24 (Linggo)
Oct. 2 (Sabado)	Oct. 30 (Sabado)	Oct. 2 (Sabado)	Oct. 30 (Sabado)
Oct. 3 (Linggo)	Oct. 31 (Linggo)	Oct. 3 (Linggo)	Oct. 31 (Linggo)
Oct. 9 (Sabado)	Nov. 6 (Sabado)		
Oct. 10 (Linggo)	Nov. 7 (Linggo)		

※ 9:00~12:00、13:00~17:00 (kada 15 minuto ang pagitan ng reserbasyon)
 ※ Pumunta sa venue mga 10 minuto bago ang oras ng pagbakuna.

Mga maaaring magpabakuna

- ※Mga nakarehistro sa Mie-ken na mayroong vaccination coupon galing sa tinitirhang lungsod.
- ① Mga galing ng ibang bansa o kaya ibang prepektura na naturukan na ng unang bakuna (1st dose) gamit ang moderna vaccine subalit hindi pa nababakunahan ng pangalawang bakuna (2nd dose) dahil sa lumipat ng tirahan o iba pang dahilan.
- ② Mga buntis at mga kapamilya nito na kasamang naninirahan. (Kabilang na ang mga buntis na umuwi sa sariling lugar para doon manganak.)
- ③ Mga 12 taong gulang pataas na gustong magpabakuna.

Simula ng reserbasyon

Sa ① at ②, ang reserbasyon ay magsisimula sa Sept. 13 (Mon) mula 9:00 am.
 Sa ③, ang reserbasyon ay magsisimula sa Sept. 17 (Fri) mula 9:00 am.

Paraan ng pagpapareserba

- ① Pagpapareserba sa pamamagitan ng website (bukas 24 hours)
 Mie COVID-19 Vaccination Portal Site

<https://www.mie-md.covid19-vaccination.jp/>



- ② Pagpapareserba sa telepono (Bukas araw-araw mula 9:00 am hanggang 9:00 pm. Kabilang na ang araw ng Sabado, Linggo at mga holiday) Tel: 059-224-2825